NEWSLETTER

NOBYEMBRE

PAGLULUTO SA PANAHON NG PASASALAMAT (THANKSGIVING COOKING) /EDISYON SA KALIGTASAN SA PAGGAMIT NG INTERNET (CYBER SAFETY EDITION)

Maligayang Veterans Day sa lahat ng nagsilbi sa bansang ito. Pinahahalagahan namin ang mga sakripisyo na ginawa ninyo at ng inyong mga pamilya. Salamat.

Matuto pa sa Johns Hopkins Medicine

MABILIS ang APOY! Sa wala pang 30 segundo, maaaring lumaki ang apoy na nagsimula sa isang maliit na apoy. Ilang minuto lamang ang kailangan bago masunog ang isang bahay.

Ang Apoy ay MAINIT! Maaaring umabot ang temperatura ng nasusunog na silid sa 100 degrees sa antas ng palapag ng gusali at tataas sa 600 degrees sa antas ng mata.

Ang Apoy ay MADILIM! Nagsisimulang maliwanag ang sunog, ngunit mabilis itong naglalabas ng itim na usok at ganap na kadiliman.*

Ang Apoy ay NAKAKAMATAY! Ang usok at mga nakakalasong gas ay pumapatay ng mas maraming tao kaysa sa apoy. Ang apoy ay lumilikha ng nakakalasong gas na nagdudulot sa iyo ng pagkalito at pagkahilo.

Pinagmulan: Ang Administrasyon ng Sunog ng Estados Unidos (The U.S. Fire Administration)

MAMILI NGAYON

NAGHAHANAP KA NG DEAL. HINAHANAP KA NG MGA KRIMINAL NG CYBER

Kaligtasan sa Pagbili sa Online

Ang mga Kriminal ng Cyber ay:

- Gagawa ng mga mapanlinlang na site at mensahe sa email
- Ina-access ang mga hindi ligtas na transaksyon
- Tinatarget ang mga computer na may mahihinang seguridad

Protektahan ang Iyong Sarili

- Makipagnegosyo sa mga kilalang nagtitinda
- Siguraduhin na naka-encrypt ang iyong impormasyon
- Mag-ingat sa mga e-mail na humihiling ng pansariling impormasyon
- Gamitin ang credit card sa halip na mga debit card

Matuto nang higit pa sa cisa.gov